



TAMANG SAGOT (TS)
Gabay sa tamang pag-unawa sa PilHealth Circular

Circular No.	2024- 0019
Title	Providing Incentives to Health Facilities Demonstrating Better Service Quality, Efficiency and Equity

Tanong	Sagot
1. Ano ang layunin ng polisiyang ito?	Kilalanin ng PhilHealth ang mga health facility (HF) na nagbibigay ng de-kalidad at mahusay na serbisyong pangkalusugan sa bawat mamamayang Pilipino.
2. Paano ito gagawin ng PhilHealth?	Sa pamamagitan ng paggawad ng pagkilalang “Center of Excellence (CoE)” sa HF na magpapakita ng kanilang pagsunod sa mga pamantayan patungkol sa kalidad na kalingang pangkalusugan.
3. Ano ang insentibong nakalaan para sa mga kinilalang CoE?	Para sa taong 2024 at 2025, ang mga HF ay bibigyan ng mga “non-financial incentives” tulad mga sumusunod: <ol style="list-style-type: none"> 1. Parangal na “Center of Excellence” 2. Plaque 3. Ilalathala sa PhilHealth website pagkakilala sa ospital na binigyan ng CoE
4. Pwede rin bang kilalaning CoE ang mga outpatient clinics tulad ng Konsulta Package Providers o stand-alone HFs?	Lahat ng PhilHealth-accredited HF ay maaring kilalanin bilang CoE. Ang mga “outpatient clinics” ay susuriin gamit ang “Benchbook for Outpatient Clinics of Excellence.” Ngunit para sa taong 2024-2025, ang CoE ay igagawad pa lang sa mga accredited na ospital.
5. Kung isang taon lang ang accreditation ng ospital, bakit 3 taon ang bisa ng CoE?	Upang magtuloy-tuloy ang bisa ng CoE, kailangang mag-submit ng updated Department of Health License to Operate ang ospital sa PhilHealth bago magtapos ang Enero ng accreditation year nito.
6. Lahat ba ng mga ospital na nakakuha ng score na 22 at narekomenda ng Third Party Accreditor (TPA) ay magiging CoE?	Ang paggawad ng CoE ay hindi depende lang sa score at sa rekomendasyon ng TPA ngunit alinsunod din sa iba pang mga requirements na nakasaad sa Section V.E. ng Circular. Isasailalim ng PhilHealth sa review ang performance ng HF base sa report ng TPA at pag-comply sa mga kundisyong nakasaad sa Circular.
7. Kung hindi pumasa sa unang Benchbook survey, kailangan bang ulitin ang buong survey?	Ang pag-ulit ng survey ay nakadepende sa mapagkakasunduan ng HF at TPA. Sa parte ng PhilHealth, kailangan nito ang HF score at rekomendasyon ng TPA.